# MOTHER TONGUE 1

## Quarter 2 WEEK 7



**Pangalan:** ______________________________________

# MTB-MLE

## Ikapitong Linggo

| Aralin | • **Nakapagkukuwentong muli ng kuwentong napakinggan. (MT1LC-IIh-i-8.1 )**<br>• **Nakatutugon sa teksto tungkol sa mga alamat, pabula, tula sa pamamagitan ng pagsasadula. (MT1OL-II-j-8.1)** |
|---|---|

## Alamin

Ang modyul na ito ay naglalayong mapaunlad ang kakayahan sa pagkukuwento at pagtugon sa mga tekstong tulad ng alamat, pabula, tula sa pagmamagitan ng pasasadula.

## Suriin

Si James ay may bisikleta. Ang bisikleta ay kulay asul. Dalawa ang gulong nito. Mahilig magbisikleta si James tuwing hapon. Ito anggamit niya papunta sa palaruan. May mga kalaro siya sa palaruan.
May mga bisikleta rin sila.

**Panuto:** Piliin ang tsek ✓ sa loob kahon ng tamang sagot sa bawat tanong at ekis ✗ ang hindi.

1. Saan pumupunta si James?

☐ sa kapitbahay ☐ sa paaralan ☐ sa palaruan

2. Sino ang makikita ni James roon?

☐ ang mga kalaro niya
☐ ang mga magulang niyaang
☐ mga kapatid niya

LIVEWORKSHEETS

3. Ano kaya ang gagawin nila?

☐ sila ay mag-aaral

☐ sila ay maglalaro

☐ sila ay magbibisikleta

## Pagyamanin



**Panuto:** Basahin at unawain ang maikling kuwento.

Sa panahon ng tag-init ay ginugugol ng tipaklong ang kanyangoras sa paglalaro at pagpapakasaya habang ang langgam ay abala sa pag-iimpok ng pagkain. Hindi niya maintindihan kung bakitkailangang magtrabaho ng husto ng langgam.

Dumating ang tag-ulan at nangangatog sa lamig at gutom angtipaklong habang ang langgam ay komportable at may sapat na pagkain. Doon naintindihan ng tipaklong kung bakit kailangang magtrabaho ng husto ng langgam sa panahon ng tag-init.

## Isaisip

**Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot.

______**1.** Sino ang tauhan sa kuwento?

a. pagong at tipaklong
b. langgam at tipaklong
c. aso at ibon

______2. Sino ang abala sa pagiimpok ng pagkain?

a. Si langgam b. Si tipaklong c. Si aso

______3. Sino ang tamad at paglalaro lamang ang inaatupag?

a. Si aso b. Si langgam c. Si tipaklong

LIVEWORKSHEETS

# Ang Alamat ng Pinya

Noong unang panahon may nakatirang mag-ina sa malayong lugar. Ang ina ay si Aling rosa, at ang kanyang anak na siPina. Isang tamad na bata si Pina ang nais lamang niya ay maglaro ng maglaro. Sa tuwing siya ay uutusan ni Aling Rosa " Pina anak, pakikuha mo nga ang sandok" , sagot ni Pina "hindi ko po makita Ina" , Pina pakiabot nga ng walis, "hindi ko po makita Ina, Pina" pakibigay sa akin ng mga gulay , "hindi ko po makita Ina" ang palaging sambit ni Pina.

Isang araw, Si Aling Rosa ay nagkasakit at napilitan si Pina naipagluto ang kanyang inang. "Ina hindi ko po makita ang sandok, Ina! hindi ko po makita ang takure, Ina! hindi ko po makita ang mga pinggan. Sa pagkayamot nasambit ni Aling Rosa "Naku! Pina, sana'y magkaroon ka ng maraming mata upang makita mo anglahat ng hinahanap mo." wika ni Aling Rosa habang umuubo.

Pagkalipas ng ilang araw nagtaka si Aling Rosa bakit hindi na siPina ang nagdadala ng pagkain para sa kanya. Hinanap niya si Pina, sa buong paligid, sa kanilang kapit-bahay ngunit walang nakakita sa kanya. Sa paghahanap ,Napansin niya ang isang kakaibang halamang tumubo sa kanilang bakuran .

Ito ay maraming mata, Naala niya ang sinabi niya sa kanyang anak. "Oh Pina anak! patawad. huhuhuhuhu. Ipinangalan ni Aling Rosa kay Pina ang halamang ito at sa paglipas ng panahon ito ay tinawag na "Pinya".

**Panuto:** Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
| **Pina** | **Pinya** | **Aling Rosa** |
| **maraming mata** | **" Hindi ko po makita"** | |

__________1. Sino ang batang nabanggit sa kwento.

__________2. Ano ang pangalan ng kanyang Ina?

__________3. Anong halaman ang tumubo sa kanilang bakuran?

__________4. Ang salitang palaging sagot ni Pinang sa kanyang Ina.

__________5. Ano ang nais ng nanay ni Pinang na magkaroon siya upang makita ang lahat ng hinahanap niya?

LIVEWORKSHEETS